BAGONG LIWANAG
NG KAHARIAN

Pagaaral - 11
ANG MABUTING BALITA NG KAHARIAN

NATUTUHAN KO

Piliin ang pinakatamang sagot (A o B)*, ayon sa natutuhan mo sa sampung mga leksiyon.*

1. A. Ang layunin ng Dios sa Kanyang paglalang sa tao sa Kanyang larawan ay upang ang tao'y kumilos na katulad Niya at sundin ang lahat ng Kanyang mga utos.
   B. Ang layunin ng Dios sa Kanyang paglalang sa tao sa Kanyang larawan ay upang ang tao'y mamahala sa lupa, bilang haring kumakatawan sa Dios. **Genesis 1:27-28**

2. A. Tayo'y mga makasalanang tao dahil tayo'y nagkasala sa ating pagsuway sa kautusan ng Dios.
   B. Tayo'y nagkakasala dahil tayo'y mga makasalanang tao. Naging ganito tayo dahil sa pagkakasala ni Adan.
   Taga Roma 5:12-14, 19

3. A. Ang kasalanan ay paggawa ng mga gawaing ipinagbawal ng Dios.
   B. Ang kasalanan ay paglaban sa Dios dahil sa hindi pagtitiwala sa Kanya. **1 Juan 3:4; Taga Roma 8:7; Juan 16:9**

4. A. Pinatatawad ng Dios ang ating mga kasalanan dahil sa pagkamatay ni Jesus ay tinanggap Niya ang ating kaparusahan.
   B. Pinatatawad ng Dios ang ating mga kasalanan dahil sa ating pagsisisi at ang ating pangakong maging masunurin.
   Taga Efeso 1:7; Taga Roma 5:9,10

5. A. Ang taong nanampalataya kay Cristo ay kailangan pa ring paglabanan ang pagkakasala sa kanyang buhay araw-araw.

   B. Ang isang Cristiano ay hindi na magkakasala pa dahil siya'y pinabanal na ng Dios.
   Taga Roma 7:15-20; Taga Galacia 5:16-18

6. A. Ang isang taong makasalanan ay tinatanggap ng Dios dahil sa kanyang pananampalataya kay Jesu-Cristo.
   B. Ang isang taong makasalanan ay tinatanggap ng Dios dahil sa kanyang pagsunod sa kautusan ng Dios at mga mababuting gawa.
   Taga Galacia 2:16; Taga Efeso 2:8,9; Taga Roma 3:20-28

7. A. Hindi maaring malaman ng isang tao kung siya'y may buhay-na-walang-hanggan na ngayon. Kailangan niyang gawin ang kanyang makakaya sa pagasa na ang kanyang mga gawa ay karapat-dapat sa paningin ng Dios pagdating ng wakas ng buhay niya.
   B. Ang isang Cristiano ay maaring makatiyak na siya ay mayroon ng buhay-na-walang-hangggan na ngayon, dahil ang kanyang kaligtasan ay batay sa natupad na gawain ni Jesus at sa kanyang pagtanggap kay Jesus na Tagapagligtas at Panginoon.
   1 Juan 5:11-13

8. A. Hindi ako hahatulan pa ng Dios sa tuwing ako'y magkakasala, dahil ipinangako Niya na ako'y Kanyang pananatilihing ligtas.
   B. Binabawi ng Dios ang aking kaligtasan sa tuwing ako'y nagkakasala at ibinabalik Niya ito kapag ako'y nagsisi at humingi ng tawad sa Kanya.
   Taga Roma 8:1,31-34; Juan 10:27-29

9. A. Ako'y sinusumbatan at hinahatulan ng Banal na Espirito sa tuwing ako'y nagkakasala upang huwag an akong umulit pa.
   B. Ipinakikita sa akin ng Banal na Espirito na ako'y makasalanan upang aking maunawaan na kailangan ko ng Tagapagligtas.
   Juan 16:7-11

10. A. Ang isang alagad ay sumusunod kay Jesus dahil iniibig niya Siya na higit pa sa anomang mga bagay sa boong mundo.

B. Ang isang alagad ay sumusunod kay Jesus upang siya'y manatiling ligtas. **Juan 14:15-16**

11. A. Ako'y babautismuhan upang ako'y maging kaanib ng iglesia. Kaya nga kailangan munang magbago ako ng buhay bago ako bautismuhan.
    B. Ako ay dapat bautismuhan sa oras na ako'y sumampalataya kay Jesus, dahil ako'y iniligtas Niya sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay. **Taga Roma 6:3-8; Mga Gawa 2:41-42**

12. A. Ang mga alagad ni Jesus ay magiging katulad Niya sa pagsunod nila sa kautusan ng Dios.
    B. Ang mga alagad ni Jesus ay magiging katulad Niya sa pagibig Niya sa mga tao, sa paglilingkod Niya sa mga tao na puno ng mga himala, at sa pananalig Niya sa kapangyarihan ng Banal na Espirito.

Juan 13:34-35; Marcos 16:17-18; Juan 14:12-14; Mga Gawa 10:38

MAGANDANG BALITA NG KAHARIAN

Ang Kasaysayan ng Dios at ng Tao Ang Biblia ay hindi tungkol sa relihiyon o pilosopia ng tao, kundi ito'y tungkol sa ating relasyon sa Panginoon. Ako'y nilalang ng Dios ayon sa Kanyang larawan upang mabuhay ako na malapit sa Kanya at upang ako'y mamahala sa Kanyang kaharian dito sa daigdig. Dahil sa pagsuway ni Adan, nahiwalay ang tao sa Dios at nawala ang karapatan niya na mamahala sa lupa. Dahil naman sa pagsunod ni Cristo, ako'y mababalik sa kaharian ng Dios na walang hanggan.

Genesis 1:27-28; Taga Roma 5:12; Taga Efeso 1:4-5; Taga Roma 5:18-19

Ang Dios - Manlalalang at Ama sa Langit Ang tao ay nilalang ng isang marunong, makapangyarihan at mapagmahal na Dios upang sila ay magkaroon ng malapit na relasyon at upang ang tao ang mamahala sa lupa. Nilikha ang tao sa larawan ng Dios upang siya ay mamuno sa daigdig ayon sa layunin at patakaran ng langit. Dahil sa pagkakasala ni Adan, ako – kasama ng lahat ng mga tao – ay nahiwalay sa Panginoon at nawalan ng karapatang mamahala sa lupa. Subalit dito, patuloy ang pagibig ng Dios sa akin at nais pa rin Niyang ibalik ako sa sangbahayan at kaharian Niya.

Genesis 3:1-13; Jeremias 31:3; 1 Juan 3:1; 1 Juan 3:1

Si Jesus - Ang Dios na Nagkatawang-Tao Walang maaring tulay-tawiran para sa pagbabalik ng tao sa Dios kundi si Jesus na Dios at tao din. Si Jesu-Cristo na Anak ng Dios ay ang ipinangakong Mesias na nagkatawang-tao. Namatay Siya sa krus upang bayaran ang aking mga kasalanan at Siya'y bumangon sa mga patay upang tubusin ang lahat ng tao at upang maibalik sila sa kaharian ng Dios.

Juan 1:14; Mga Hebreo 2:14-15; 1 Taga Corinto 15:3-4; Mga Gawa 4:12

Ang Pagbagsak ng Tao Dahil sa kanyang pagaalinlangan sa kabutihan ng Dios, ang tao ay nalinlang at naniwala sa kasinungalingan ni Satanas. Sa halip na manatili siya sa kalayaang ipinagkaloob ng Dios sa kanya, siya'y inalipin ni Satanas. Pinili ng tao na mapahiwalay sa Manlalalang, na Siyang nagbibigay ng buhay at pagibig sa kanya. Simula noon, namuhay na ang tao na palaban sa Dios at hindi ayon sa panukala para sa kanya. Ang bawat taong isinisilang sa daigdig ay napasahan ng pagka-makasalanan ni Adan. Hindi ito maiiwasan ninuman sa kanyang isipan, damdamin at gawain. Mababago lamang ang kalagayan ko kung ako'y magtitiwala kay Cristo na palayain Niya ako. Naparito si Jesus upang ako'y bigyan ng bagong buhay-espirito. Itong bagong espirito na ipinanganak ng Banal na Espirito sa akin ay itinalaga ng Dios na mamuhay lamang sa kalayaan.

Gen. 2:16-17; 3:1-7; Roma 5:12; 7:18; Mga Awit 51:5

Ang Parusa sa Pagkakasala Ang parusa sa pagkakasala ng tao ay walang-hangang-kamatayan.

Taga Roma 6:23

Si Jesus - Tagapagligtas ng Sanglibutan Inihandog ni Jesus ang kanyang buhay sa Calvario upang maganap at mapagtibay ang katarungan ng Dios at upang ipakita sa daigdig ang walang-hanggang pagibig ng Dios sa mga makasalanang tao. Dahil sa bayad ni Cristo sa parusa ng lahat ng mga kasalanan natin, pinatawad na ng Dios ang lahat ng ating mga kasalanan – sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa darating pa. At ngayon, tayo'y mababalik sa malapit na relasyon sa Panginoon (hindi na tayo ibibilang na mga salaring hinatulan ng kamatayan) kapag tayo'y nanampalataya kay Cristo at tinanggap natin siya na ating Tagapagligtas at Panginoon.

2 Taga Corinto 5:21; Isaias 53:4-5; Taga Efeso 1:7; Taga Colosas 2:13-14; 2 Taga Corinto 5:19; Mga Gawa 10:43; Juann 3:16-18

Ang Mabuting Balita Ang kaligtasan ay ipinagkakaloob ng Dios na walang bayad sa mga makasalanang tao na walang kakayahang sundin ang kautusan at hindi maaring maging matuwid sa kanilang sariling mga gawa. Ipinagkakaloob ito sa akin ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Anak, si Jesus, na Siyang dumanas ng aking kaparusahan upang matanggap ko ang buhay na hindi ko dapat makamit. Ang kaligtasan ay tinatanggap ko sa pamamagitan ng aking pananalig kay Jesus, ang aking Tagapagligtas na bumangon sa kamatayan at sa aking paghahayag sa buong daigdig na aking Panginoon si Jesus.

Taga Roma 3:20; Taga Galacia 2:16; Taga Efeso 2:4-9; Taga Roma 3:27 Taga Roma 3:28; Taga Roma 3:21-26; Taga Roma 10:8-10

Kaligtasan sa Pamamagitan ng Pananampalataya Tinatanggap natin ang kaligtasan na kaloob ng Dios sa pamamagitan ng ating pananalig sa ginawa ni Jesus para sa atin at sa ating paganyaya sa Kanya na pumasok sa ating puso na bilang ating Tagapagligtas at Panginoon. Ang karanasang ito'y tinatawag na pagsilang na muli. Ang sinomang tumanggap at nanalig kay Jesus ay hindi muling hahatulan pa.

Juan 1:12, 13; Pahayag 3:20; Taga Roma 8:1

Ang Katuwiran ni Cristo Ang mga tao ay magiging matuwid lamang sa pamamagitan ng pagsunod ni Jesus at sa ganito rin nila makakamit ang buhay-na-walang-hanggan.

Taga Roma 5:18-21

Katiyakan ng Kaligtasan Nais ng Dios na ako'y mayroong buhay-na-walang-hanggan sa sandaling manampalataya ako kay Jesu-Cristo. Ang kaligtasan ay hindi ko matatamo sa pamamagitan ng aking ganap na mga gawa, kaya ito'y hindi mawawala dahil sa kakulangan ng aking paggawa. Ipinangako ng Dios na ako'y mananatiling ligtas at patuloy na may katiyakan sa aking relasyon sa Kanya dahil pinanukala Niyang ako'y gumawa ng mababuting mga gawa na nagbubuhat sa pagibig ko sa Kanya, at hindi dahil sa takot.

1 Juan 5:13; Juan 5:24; Taga Roma 8:1; Taga Roma 8:31-34; Juan 10:27-29; 1 Juan 5:11-12

Ang Banal na Espirito Ang Banal na Espirito ay ang persona ng Dios na Siyang magsasagawa ng Bagong Tipan sa buhay ko. Ang Bagong Tipan ay pinagtibay ng dugo ni Jesus sa Calvario. Dahil dito, nabuksan na ang daan upang maisulat ng Banal na Espirito ang kautusan ng Dios sa aking puso. Ang pananahan ng Espirito sa akin ay nagbibigay ng katiyakan na ako nga ay lubos na ibabalik sa kaharian ng Dios. Tinutupad ng Espirito ang pangako ng Dios na ako'y mamumuhay na may karapatang mamahala sa lupa at may kapangyarihan sa aking pangangaral ng ebanghelio at sa aking paggamit ng mga kaloob ng Espirito sa paglilingkod ko sa iglesia at sa kapwa ko.

Taga Efeso 1:13-14; Kay Tito 3:3-5; Juan 14:17 Taga Galacia 5:22-23; 1 Taga Corinto 12:7-11

Pagkaalagad Ako'y iniligtas ng Panginoon hindi lamang upang maiwasan ko ang impiyerno, kundi upang ibalik ako sa katuparan ng Kanyang dakilang layunin para sa sangkatauhan – ang mamahala sa lupa. Sa halip ni Adan na nagkasala, si Cristo na nagtagumpay ang kasama ko ngayon na maghahari. Matapos akong ibalik sa tamang katayuan sa Kanyang kaharian, ako'y tinawag ni Cristo na maging Kanyang alagad. Bilang isang alagad Niya, tinuturuan Niya ako, sinasanay at inihahanda Niya ako para matupad ko ang aking mga maharlikang pananagutan sa kaharian Niya sa buhay ko ngayon dito sa lupa at sa darating pang walang-hanggang panahon. Sa aking paghahanda, pasulong at pataas ang pagtatalaga ng buhay ko sa Kanya, hanggang maging Siya lamang ang pinaka-una sa akin, higit sa lahat ng mga bagay na aking pagaari.

Juan 8:31; 13:34-35; 15:8; Lucas 14:26,27,33; **Mateo 16:24-26**

Bautismo Iniutos ni Jesus na bautismuhan ang bawat manampalataya kay Jesus. Ang pagbabautismo ay isang mahalagang tanda ng ating pagtanggap ng kamatayan, paglilibing, at pagbangon sa pagkabuhay na muli ni Cristo. Ang mga nanampalataya kay Cristo ay binautismuhan at isinali sa iglesia upang sila'y maitalaga sa pagiisang-buhay ng mga kaanib at sa kanilang paglago at paglilingkod.

Mateo 28:19; Taga Roma 6:3-8; Mga Gawa 2:41-42

Ang Banal na Hapunan Ang banal na hapunan ("Lord's Supper") ay ang tanda na natupad na ni Jesu-Cristo ang gawain ng Mesias. Ang kahulugan ng alak ay ang dugo ni Jesus ang kabayaran ng lahat ng mga kasalanan ng tao. Ang kahulugan ng pira-pirasong tinapay ay ang katawan ni Jesus ang pangtubos na bayad sa pagpapagaling ng ating mga sakit. Sa tuwing tayo'y magsasalo-salo sa banal na hapunan, tayo'y pinapaalalahanan na ngayon nasa ilalim na tayo ng Bagong Tipan.

Lucas 22:19-20; 1 Taga Corinto 11:23-26

Comunidad na Espiritual Ang mga nanalig kay Cristo ay uunlad at maglilingkod sa iglesia.

Mga Gawa 2:42-47

a. Upang sila'y turuan - **Pagiging Alagad**
b. Upang sila'y magsama-sama - **Pagmamahalan**
c. Upang sila'y mangaral ng ebanghelio (na may kasamang mga himala) - **Pangangaral**
d. Upang sila'y maglingkod sa isa't-isa at sa kanilang bayan - **Paglilingkod**
e. Upang sila'y magalak na sumamba sa Dios - **Pagsamba**

Makapangyarihang Pangangaral ng Ebanghelio Gagawin ng mga alagad ni Cristo ang mga ginawa ni Cristo sa ministeryo Niya sa lupa ("higit pa"). Wawasakin nila ang gawain ng diyablo sa kanilang pagpapagaling ng mga maysakit at sa kanilang pakikipagdigma laban sa mga masamang espirito.

Marcos 16:17-18; Juan 14:12-14

Digmaang Espiritual Ang pakikipagdigma ng mga sinugo ng Hari ay laban sa mga kapangyarihan ng masasamang espirito. Kaya nga, sila'y binigyan ng pangbaluting espiritual at pinalakas upang sila'y lumaban na buhat sa pagtatagumpay ni Cristo na Kanyang naganap na sa Calvario. Ang mga alagad ay makikilaban sa mga masamang espirito upang mabuksan ang mga mata ng mga taong binulag ni Satanas. Sa ganitong paraan ay mauunawaan nila ang Mabuting Balita at matatanggap nila ang pagpapatawad ng Dios at sila'y magiging mamamayan ng kaharian ng Dios.

2 Taga Corinto 10:3-5; Lucas 10:19; Mateo 10:1; Tagsa Efeso 6:10-18

Mga Sugo ni Cristo Tayong mga nagsitugon sa panawagan ni Jesus na sumunod sa Kanya at maging alagad Niya ay ibinilang na Katawan ni Cristo, ang Kanyang piniling bayan at banal na bansa – mga maharlikang saserdote. Tayo'y Kanyang sinugo na mga embahador ng kaharian na mangangatawan para sa Kanya dito sa lupa. Tayo'y inutusang dalhin ang Kanyang kamangha-manghang

liwanag – ang Mabuting Balita ng Kaharian – sa madilim at halos-patay na sanglibutan. Tayo'y isinilang na muli ng Banal na Espirito para sa napaka-halagang gawain na ito. Bilang mga mamamayan ng Kaharian ng Langit, wala na tayong dapat gawin na mas mahalaga o mas kailangan pa kundi itong inutos ng Panginoon sa atin. Inanyayahan tayo ni Cristo mismo na sumama sa Kanyang pagbabalik ng nawaglit na daigdig sa Kanyang walang-hanggang kaharian. Ang layuning ito ay laging nasa puso Niya kahit kailan man at ito rin ang nais Niyang maging pinaka-sentro ng ating pamumuhay ngayon dito sa lupa. Wala nang iba pang mas mahalaga sa atin kaysa Kaharian ng Dios at ang pagpapahayag at pagsasaganap nito sa ating buhay at daigdig. Ang lahat ng mga ibang bagay ay wala nang kabuluhan sa atin.

Juan 20:21-22; 2 Taga Corinto 5:18-20; 1 Pedro 2:9
Mateo 16:16-19; Mateo 5:13-16

Ang Muling Pagdating ni Jesus Ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga alagad na Siya'y magbabalik kapag naihanda na Niya ang lahat upang makasama Niya sila. Hindi na magtatagal pa, darating din ang araw na sasalubong tayo kay Jesus na may magalak na pagdiriwang. Sa ngayon, tayo'y maging magalak sa ating tiyak na pagasa kay Jesu-Cristo at ating pagsikapang maganap ang ating misyon na ipangaral ang Mabuting Balita ng kaharian dito sa lupa.

Juan 14:1-3; Isaia 25:9

Ang Muling Pagkabuhay ng mga Banal Babangon sa kanilang libingan ang mga namatay na mga banal sa muling pagdating ni Cristo. Ang bagong katawan ng mga namatay at buhay na mga banal ay hindi na mamatay o mabubulok kahit kailan man.

1 Taga Corinto 15:50-55; 1 Taga Tesalonica 4:13-17